Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro 5214

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG PEBRERO 4,2008 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M.Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ronelle G. Feranil | - | SK Fed. President |
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

Wala

x-------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 08-02-17

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NASIRANG LETICIA A. PAJANEL, ISANG ULIRANG MAYBAHAY AT ISANG INSPIRASYON NG BAWAT PILIPINANG MAYBAHAY**

**SAPAGKAT,** si Gng. Leticia A. Pajanel ng Barangay Balatasan, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang-buhay noong Miyerkoles, ika-30 ng Enero,2008 dahil sa sakit sa puso;

**SAPAGKAT,** si Ate Letty na siyang karaniwang itinatawag sa kanya ng kanyang mga kapamilya, kamag-anak at mga kaibigan ay naglingkod sa Barangay Balatasan bilang Barangay Health Worker (BHW) simula pa noong taong 1985 hanggang 2005 at Barangay Nutrition Scholar (BNS) magmula taong 2005 hanggang siya ay binawian ng buhay noong nakaraang linggo;

**SAPAGKAT,** sa mahabang panahon ng kanyang panunungkulan,siya,ay naging matapat sa tungkulin, nagpunyagi at nagsikap na maisulong ang mga programang pangkalusugan at maiparating ito sa mga liblib na lugar kapalit ng maliit na halagang tinatanggap niya bilang honorarium;

**SAPAGKAT,** ang kanyang sipag at tiyaga sa serbisyo ay hinangaan ng kanyang mga kabarangay dahil sa mahabang panahon na ginugol niya bilang "health worker" ay matagumpay din niyang ginampanan ang pagiging mabuting maybahay at ulirang ina sa kanyang anim (6) na mga anak;

SAPAGKAT, ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa mga mamamayan ng Bulalacao lalong-lao na sa mga taga-Barangay Balatasan at ito'y isang masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang mga kamag-anak at mga kaibigan; Kung kaya, dahil dito,

PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, NA: Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng yumaong *Leticia A. Pajanel, isang ulirang maybahay at isang inspirasyon ng bawat Pilipinong maybahay;*

SA MUNGKAHI ni Konsehal Gideon B. Abuel na pinangalawahan ni Konsehal Leonardo A. Andallon, ang kapasiyahang ito ay ....

PINAGTIBAY: Pebrero 4,2008,Bulalacao,Silangang Mindoro.

---

| | | |
|---|---|---|
| EMELITA A. OSORIO<br>SB Member | EDUARDO C. ACERON<br>SB Member | ROSALINDA M. CABAGAY<br>SB Member |
| GIDEON B. ABUEL<br>SB Member | GUILLERMO G.SALAS,JR.<br>SB Member | LEONARDO A. ANDALLON<br>SB Member |
| RAMON G. BAGUANUA<br>SB Member | SENEN C. FAMILARA<br>SB Member | VIRGELIO M. ASTILLO<br>Pres., Liga ng mga Brgy. |

RONELLE G. FERANIL
SK Fed. President

NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

SERGIO D. BARRIENTOS
Secretary to the Sanggunian

PINAKSIHAN:

TERESITA S. BANTUGAN
Municipal Vice Mayor/
*Presiding Officer*

PINAGTIBAY:

ENGR. ERNILO C. VILLAS
Municipal Mayor
Date Signed: 2-14-08

080203/SOB/bmo